

Noong nalaman ko na ang anak kong babae

ay **lesbisan...**



Sa pamamagitan ni Linda Ma

Noong sinabi sa akin ng anak kong babae na lesbisan siya, nagulat ako talaga. Mahal na mahal ko ang anak kong babae kaya sinubukan kong maintindihan kung bakit ganyan ang desisyon niya.

Lagi kong iniisip na isang kasalanan ang pagiging homosekswal; ngunit, noong lumawak ang kaalaman ko sa mga taong homosekswal, marami akong mga palagay na hindi pala totoo. Halimbawa, naniniwala ang karamihan sa mga eksperto na hindi sakit o problema sa pag-iisip ang pagiging homosekswal. Sa katunayan, tatlong dekada na ang nakararaan, ipinasiya ng American Psychology Association na hindi ituring ang pagiging homosekswal bilang isang problema sa pag-iisip. Hanggang ngayon, walang paring makapagpapatunay na kayang baguhin ng isa ang kaniyang pananaw sa kaniyang sekswalidad. Wala ring ebidensiya na ang pagiging homosekswal ay dahil sa pang-aabuso o di-kaayang-ayang sitwasyon ng pamilya. Maraming malalaking organisasyon katulad ng American Medical Association, American Family Physicians Association, American Psychiatric Association, at American Pediatricians Association ang sumusuporta sa kalayaan ng pag-aasawa ng dalawang magkapehong kasarian. Sinusuportahan din ng American Pediatrician Association ang pag-ampon ng anak ng mga homosekswal na magulang.

Pinapakita rin ng mga agham na ang tunay na dahilan ng kahirapan na hinarapan ng mga homosekswal ay hindi galing sa pagiging gay

pero galing sa anti-gay prejudice. Sa mga taong homosekswal o sa mga taong may katangiang homosekswal ay biktima ng verbal o physical assault. Ang ganitong mga uri ng atake nagiging dahilan sa mataas na level ng depression, anxiety, galit, post-traumatic stress, at iba pang sintomas na nararanasan ng taong homosekswal. Anti-gay prejudice din nag-iincrease ng pangyayari ng pagpapakamatay. Ang mga batang homosekswal na may balak magpapakamatay ay sa dahilan na sila ay biktima mismo ng anti-gay prejudice at ang nararanasan din nilang pintas ay mas grabe kung galing pa sa sariling pamilya nila.

Dahil higit na naintindihan ko na ang sa pagiging homosekswal ng anak kong babae, tanggap ko siya. Mayroon akong nahanap na impormasyon mula sa Internet, sa mga libro, at sa pakikipag-usap ko rin sa aking anak. Mas lumawak ang aking kaalaman, at nirerespeto ko na ang totoong identidad ng aking anak.

Sa kulturang Tsino, pagtindi ang panggigipit sa pagkakaroon ng pamilya at anak. Ito ang dahilan kung bakit kailangang mag-asawa at magkaanak ang mga homosekswal. Nagkakaroon ng kakulangan sa pagtitiwala at komunikasyon ang mga “pseudo-family” na ito; naapektuhan nito ang bawat miyembro ng pamilya. Mayroon akong nakilalang estudyante na galing sa China na naghihintay lamang na mamatay ang kaniyang mga magulang upang mamuhay sa paraang nais niya. Lalo akong nalulungkot kapag naririnig ko ang mga kwentong tulad nito.

Pundasyon ng lipunang Tsino ang pamilya. Ang buhay ng isang pamilya ay madalas na puno ng mga sandaling maliligaya at mga sandali ng kabiguan, ngunit ang pagmamahalan ang magbibigkis dito. Kung ang mayroong miyembro ng pamilya na umamin sa kaniyang pagiging homosekswal, maaari magugulat ka sa simula. Ngunit alalahanin lamang na ang nais niyang sabihin ay “Ito ang totoo kong sarili at sinasabi ko sa iyo dahil mahal kita.” At pagpapakita ng pagmamahal na ito ay katangi-tangi.



API EQUALITY-LA

Asians and Pacific Islanders for LGBT Equality

www.qaspace.org

www.apiequalityla.org